# Ano ang puwedeng gawin ng Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)

Ang Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib ay nag-uutos sa isang tao na isuko ang kaniyang mga baril. Magiging ilegal ang pag-access, pagtanggap, pagbili, pagtataglay, pagkakaroon ng kontrol, o pagtatangkang bumili o tumanggap ng mga baril. Pinipigilan nito ang tao mula sa pagkuha ng lisensya ng nakatagong baril at inuutusan siyang isuko ang lisensya kung mayroon siya nito.

## Isinasampa ito laban kanino?

Isang tao na naghaharap ng malaking panganib na magdulot ng personal na pinsala sa kaniyang sarili o sa iba sa malapit na hinaharap mula sa pagkakaroon ng mga baril. Kasama sa mga salik na nagpapakita ng naturang panganib ang nagbabanta o marahas na paggawi, mga banta ng pananakit sa sarili, at pag-abuso sa droga o alak. Ang tao na di-umano'y mapanganib ay tinatawag na Nasasakdal.

## Sino ang puwedeng humiling ng utos?

Ang petisyon ay puwedeng isumite ng karelasyon o miyembro ng pamilya o sambahayan ng nasasakdal o ng tagapagpatupad ng batas. Ang tao o ahensyang nagsusumite ng kaso ay tinatawag na Petisyonaryo. Kasama sa mga miyembro ng pamilya o sambahayan ang:

- Magkamag-anak ayon sa dugo, pag-aasawa, pagsasama, o pag-aampon
- Mga tao na may anak
- Mga taong naninirahan o nanirahang kasama ng nasasakdal
- Mga taong may biolohikal o legal na relasyon ng magulang-anak, kasama ang amain o madrasta at anak ng asawa, lolo o lola at apo, o karelasyon ng magulang at mga bata
- Isang taong tumatayo o tumayong legal na tagapag-alaga ng nasasakdal

Kasama sa karelasyon ang:

- Kasalukuyan o dating asawa o ka-live in
- Kasalukuyan o dating may relasyon ng pakikipagkasintahan (13 taong gulang o mas matanda)
- Mga tao na may anak (maliban kung ang bata ay ipinagbuntis dahil sa seksuwal na pagsalakay)

## Saan ako makakakuha ng mga form?

Puwede mong i-download ang mga form mula sa www.courts.wa.gov/forms o kunin ang mga ito mula sa opisina ng klerk ng korte.

## Mga Sanggunian:

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa:

http://protectionorder.org/erpo/faq-extreme-risk-protection-orders.html

http://protectionorder.org/erpo/ive-been-served-with-an-erpo.html

http://protectionorder.org/erpo/how-do-i-turn-in-my-firearms.html

Kung kailangan mo ng personal na proteksyon, gaya ng proteksyon laban sa karahasan sa tahanan, puwede kang:

- humanap ng higit pang impormasyon sa www.courts.wa.gov/forms, o
- kontakin ang iyong lokal na korte para sa mga sanggunian.

| *Mga Lokal na Sanggunian* |
| --- |
| |

# Impormasyon sa Mga Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)



**Ang uri ng utos na ito ay hindi puwedeng pumigil sa nasasakdal na makipag-ugnayan sa isang tao ni maipag-uutos man nito sa tumutugon na lumayo sa sinumang tao o lugar.**

**Kabanata 7.105 RCW**

Nais ng Washington Pattern Forms Committee (Komite ng Washington para sa Parisan ng mga Form) na pasalamatan ang ERPO Implementation Stakeholder Group at ang King County Court Administration Office
Hulyo 2022

# Kung Paano Mag-a-apply para sa Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib)

## Hakbang 1: Magpetisyon sa Korte



Maaaring ikaw mismo ang magpetisyon o magbayad ng isang abogado na kakatawan sa iyo.

Dapat kang sumumpa ng panata na totoo ang mga bagay na isusulat mo sa petisyon. **Sa petisyon, dapat mong isaad** sa pamamagitan ng pagsulat ang mga ispesipikong pahayag, aksyon, o katotohanan na nagpapakitang ang nasasakdal ay lubhang nanganganib na saktan ang kaniyang sarili o ibang tao kung may access sa mga baril ang nasasakdal.

Kasama sa impormasyon na maaaring hanapin ng korte ang:

- mga uri ng anumang baril na maaaring taglay ng nasasakdal, at kung nasaan ang mga ito;
- anumang iba pang utos ng proteksyon o kaso sa korte na nagsasangkot sa nasasakdal;
- mga medikal na rekord o rekord ng pulis, kung mayroon ka nito.

## Hakbang 2: Isumite ang Petisyon

Dapat isumite ang kaso sa county kung saan nakatira ang petisyonaryo o ang nasasakdal. Puwedeng isumite ang kaso sa isang munisipal, pandistrito, o nakatataas na korte; gayunman, ang buong pagdinig ay gaganapin sa nakatataas na korte.

## Hakbang 3: Dumalo sa Pansamantalang Pagdinig



Pagkatapos mong isumite ang petisyon, isang hukom ang magdedesisyon kung bibigyan ka ba o hindi ng pansamantalang utos. Maaaring kailangan mong makipag-usap sa hukom sa loob ng korte. Magtatanong sa iyo ang hukom at kakailanganin mong sumagot nang may katapatan sa ilalim ng panata. Kung ipagkakaloob ng hukom ang iyong petisyon, makakatanggap ka ng Pansamantalang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) na Walang Abiso sa loob ng 2 linggo. Itatakda ng mga papeles ng korte ang oras at petsa ng susunod na pagdinig--na dapat mong daluhan.

## Hakbang 4: Abiso sa Nasasakdal

Ang kopya ng iyong petisyon, ang pansamantalang utos, at ang abiso sa pagdinig ay dapat isilbi sa (ibigay sa) nasasakdal ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas. Dapat mong ibigay ang pinaka-available na address.



Dapat ibigay nang personal ng opisyal ang mga papeles na ito sa nasasakdal nang di-bababa sa **5** araw ng korte bago ganapin ang buong pagdinig.

## Hakbang 5: Dumalo sa Buong Pagdinig

Pagkalipas ng 2 linggo, babalik ka sa korte. Kung posible, puwede kang magbayad ng abogado para kumatawan sa iyo sa pagdinig na ito—pero hindi ito iniaatas sa iyo. Malamang na dumalo sa pagdinig na ito ang nasasakdal at maaari rin siyang magdala ng abogado. Dapat kang pumunta sa pagdinig na ito, nasilbihan man ang nasasakdal o hindi. Kung hindi ka magpupunta, ipapawalang-saysay ng korte ang kaso at hindi pipirmahan ang utos.

Sa buong pagdinig, maghandang ipaliwanag ang iyong kahilingan sa hukom. Ikaw at ang nasasakdal ay maaaring tanungin ng hukom, mga abogado, o maaari kayong magharap ng tanong sa isa't isa may kinalaman sa iyong kahilingan at sa iyong pahayag. Magdedesisyon ang hukom kung pipirmahan ba o hindi ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib).

## Gaano katagal ang utos?

Tumatagal ito ng 1 taon, pero puwede itong i-renew para sa dagdag na 1-taong yugto. Dapat isumite ang anumang mosyon (kahilingan) sa pag-renew sa loob ng 105 araw bago mawalan ng bisa ang utos.

## Pagwawakas ng mga Utos

Maaaring magsumite ng mosyon ang nasasakdal para wakasan ang Extreme Risk Protection Order (Utos ng Proteksyon sa Matinding Panganib) nang isang beses sa panahon ng 1-taong yugto na may bisa. Dapat patunayan ng nasasakdal na hindi siya naghaharap ng malaking panganib sa kaniyang sarili o sa iba mula sa pagkakaroon ng mga baril.

**Dapat isuko ng nasasakdal ang mga baril at lisensya ng nakatagong baril kapag:**

- Hinihiling ng opisyal na tagapagpatupad ng batas na nagsisilbi ng utos na isuko agad ng nasasakdal ang lahat ng baril at mga lisensya ng nakatagong baril sa opisyal.
- Kung ang nasasakdal ay naroon sa pagdinig, dapat niyang isuko ang lahat ng baril at lisensya ng nakatagong baril sa lokal na ahensya na tagapagpatupad ng batas sa mismong araw din na iyon.
- Kung isinilbi sa ibang paraan, dapat isuko ng nasasakdal ang mga ito sa loob ng 24 oras matapos ang pagsisilbi.